ATTACHMENT B

DATE STAMP FOR OFFICE USE ONLY:

Williams Uniform Complaint Procedures Form
Para sa Pagrereklamo kaugnay ng Seksyon sa Kodigong Pang-edukasyon (Educational Code Seksyon) 35186

Ang California *Education Code* (EC) Seksyon 35186 ay bumuo ng isang pamamaraan para sa paghahain ng mga reklamo tungkol sa mga kakulangang may kaugnayan sa mga kagamitan sa pagtuturo, mga kondisyon ng mga pasilidad na hindi pinananatili sa malinis o ligtas na paraan o nasa maayos na kondisyon, at walang guro o hindi angkop na itinalagang trabaho para sa guro. Maaaring ihain ang mga naturang reklamo nang hindi ibinibigay ang pangalan ng nagrereklamo. Gayunpaman, kung nais mong makatanggap ng tugon sa iyong reklamo, dapat mong isaad sa ibaba at ibigay ang sumusunod na impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Hiniling na tugon: ❑ Oo ❑ Hindi ❑ Walang Pangalan

Pangalan (Opsyonal): _____

Mailing Address (Opsyonal): _____ Lungsod: _____ Zip Code: _____

Numero ng Telepono sa Bahay (Opsyonal): _____ Cell Phone (Opsyonal): _____ Telepono sa Trabaho (Opsyonal): _____

Petsa ng Problema: _____ Pangalan ng Paaralan: _____ Punong-guro: _____

Lokasyon ng Problema (Numero ng Silid, Gusali, o Lokasyon): _____

_____

Kurso o Antas ng Baitang: _____ Pangalan ng Guro: _____

Isyu ng reklamo (paki-tsek ang lahat ng naaangkop):

1. **Mga Aklat-aralin at Kagamitan sa Pagtuturo**
   - ❑ Ang isang estudyante, kabilang ang isang nag-aaral ng Ingles, ay walang mga aklat-aralin o kagamitan sa pagtuturo o aklat-aralin na pinagtibay ng estado o pinagtibay ng Distrito o iba pang kinakailangang kagamitan sa pagtuturo na magagamit sa klase na naaayon sa pamantayan.
   - ❑ Ang isang mag-aaral ay walang akses sa mga aklat-aralin o kagamitan sa pagtuturo na magagamit sa bahay o pagkatapos ng klase. Hindi nito kailangan ang dalawang set ng mga aklat-aralin o mga kagamitan sa pagtuturo para sa bawat mag-aaral.
   - ❑ Ang mga aklat-aralin o kagamitan sa pagtuturo ay nasa hindi maayos o hindi nagagamit na kondisyon, may mga nawawalang pahina, o hindi nababasa dahil sa pagkasira.
   - ❑ Ang isang mag-aaral ay binigyan ng mga naka-photocopy na pilyego mula sa isang bahagi lamang ng aklat-aralin o mga kagamitan sa pagtuturo upang matugunan ang kakulangan ng mga aklat-aralin o kagamitan sa pagtuturo.
   - ❑ Walang sapat na mga textbook ang mga mag-aaral bilang resulta ng pagkilos ng namamahalang lupon, o pagkabigong kumilos ng lupon, upang maremedyuhan ang kakulangan. Ang ganitong uri ng reklamo ay maaari ding ihain nang direkta sa State Superintendent of Instruction sa:

     State Superintendent of Public Instruction
     1430 N Street, Suite 5602
     Sacramento, CA 95814

2. **Mga Kondisyon ng Pasilidad**
   - ❑ Ang isang kondisyon sa paaralan ay nagdudulot ng daglian o emerhensyang banta sa kalusugan o kaligtasan ng mga mag-aaral o kawani, kabilang ang: pagbabawas ng mga mapanganib na materyales na dati nang hindi natuklasan na nagdudulot ng dagliang banta sa mga mag-aaral o kawani, mga sirang bintana o pintuan sa labas o mga gate na hindi nakakandado at nagdudulot ng panganib sa seguridad, pagkawala ng kuryente, pagtagas ng gas, matinding pamumugad ng mga peste o insekto, matinding pagbara ng dumi sa alkantarilya, hindi gumaganang air-conditioning system, fire sprinkler, pagpainit o bentilasyon, pinsala sa istruktura na nagreresulta sa mapanganib o hindi matitirhang kondisyon, at anumang iba pang kondisyong pang-emerhensya na mapagpasyahang naaangkop ng Distrito.
   - ❑ Ang palikuran ng paaralan ay hindi palaging napapanatili o nililinis, hindi lubusang gumagana, o hindi nilalagyan ng toilet paper, sabon, mga paper towel, o gumaganang patuyuan ng kamay (hand dryer) sa lahat ng oras.
   - ❑ Hindi pinananatiling bukas ng paaralan ang lahat ng mga palikuran sa oras ng pagpasok kapag ang mga mag-aaral ay wala sa klase at hindi pinananatiling bukas ang sapat na bilang ng mga palikuran sa oras ng pagpasok kapag ang mga mag-aaral ay nasa klase. Hindi saklaw nito kapag kinakailangan ang pansamantalang pagsasara ng palikuran para sa kaligtasan ng mag-aaral o para magsagawa ng pag-aayos.

3. **Walang Guro o Hindi Angkop na Itinalagang Trabaho para sa Guro**
   - ❑ May bakanteng posisyon para sa guro - Nagsisimula ang isang semestre at mayroong bakanteng posisyon para sa guro. (Ang bakanteng posisyon para sa guro ay isang posisyon kung saan ang isang nag-iisang inatasang sertipikadong empleyado ay hindi naitalaga sa simula ng taon para sa buong taon o, kung ang posisyon ay para sa isang semestre na kurso, ang posisyon kung saan ang isang inatasang sertipikadong empleyado ay hindi naitalaga sa simula ng isang semestre para sa isang buong semestre.)
   - ❑ Ang isang guro na kulang ang mga kredensyal o pagsasanay sa pagtuturo ng mga mag-aaral ng Ingles ay itinalaga para magturo ng klase na may higit sa 20 porsyento na mga estudyanteng nag-aaral ng Ingles sa isang klase.
   - ❑ Ang isang guro ay inatasang magturo sa isang klase kung saan kulang and kaalaman ng guro sa paksa.

Pakilarawan nang detalyado ang isyu ng iyong reklamo. Maaari kang maglagay ng mga karagdagang pahina kung kinakailangan para mailarawan nang husto ang sitwasyon: _____

_____

_____

Mangyaring ihain ang reklamong ito sa (mga) sumusunod na lokasyon: Opisina ng Punong-guro at/o ipadala sa Office of Student Civil Rights, Los Angeles Unified School District, 333 South Beaudry Avenue, 18th Floor, Los Angeles, CA 90017. Email: EquityCompliance@lausd.net.
Opisina (213) 241-7682 Fax (213) 241-3312